タガログ語

# Programa na pagpapahiram ng pang-matrikula para sa taong 2026 (Reiwa 8 )

## Programa na pagpapahiram ng pang-matrikula mula sa Prepektura ng Saitama

**～　para sa mga mag-aaral ng Saitama na pumapasok sa High school　～**

Ang programang ito ay inilunsad ng Prepektura para sa mga mag-aaral na high school sa Saitama. Kapag na-aprubahan ang karapat-dapat na mag-aaral, makakahiram ito ng pang-matrikula mula sa Resona Bank. **Sapagkat ito ay pahiram lamang, kinakailangan na bayaran ito ng mag-aaral pagkatapos nitong mag-aral sa high school.**

- **Ang mag-aaral ay kailangang pumasa sa mga kondisyon sa ibaba upang maging karapat-dapat:**
  - ① Kung ito ay naka-enroll sa paaralang high school（maaring sa Prepektura ng Saitama o sa ibang Prepektura）
  - ② Ang katiwala (o magulang) ay nakatira sa Prepektura ng Saitama
  - ③ Matinong namumuhay, may kaalaman, at dahil sa kahirapan kung kaya hindi makapagpatuloy ng pag-aaral sa high school (Rekomendasyon na sulat mula sa paaralan ay kinakailangan kalakip na ang katibayan na ang natatanggap na sahod na kabuuan ng pamilya ay mababa kaysa sa pamantayan ng gobyerno)
- **Ang halaga na maaring hiramin**

  Ang mag-aaral ang magpapasiya kung gaano kalaki ang halaga na hihiramin.

| Uri ng papasukang high school, atbp. | Halaga ng mahihiram na pera（yen） | |
|---|---|---|
| | Buwan--buwan | Ang halaga na babayaran bago pumasok |
| Pampublikong paaralan(nasyonal, prepektura, munisipalidad) | ①　15，000 | ①　50，000 |
| | ②　20，000 | ②　100，000 |
| | ③　25，000 | ― |
| Pribadong paaralan | ①　20，000 | ①　100，000 |
| | ②　30，000 | ②　250，000 |
| | ③　40，000 | ― |

- **Panahon ng paghihiram**

  Isang taon（sa loob ng unang baitang ng high school）

  Kinakailangan ng panibagong aplikasyon para manghiram bawat taon kung magpapatuloy sa ikalawa at ikatlong baitang ng high school.
- **Pagbabayad**

  Sisimulan ang pagbabayad ng nasabing hiniram na pang-matrikula mula ika-apat na taon at anim na buwan ng pagtatapos ng high school. At ito ay tatapusing bayaran sa loob ng labin-dalawang taon.

  Kapag may kasunduan kung papaano babayaran ang nahiram na pang-matrikula sa panahon na ito ay isasagawa, at babayaran ito ayon sa kasunduan, hindi magkakaroon ng tubo ang nahiram na pera.
- **Kailan puwedeng mag-aply at kung kailan magsimulang matanggap ang pera**

| | Aplikasyon | Panahon |
|---|---|---|
| Habang nasa 3rd yr. junior HS | Nobyembre（kumuha ng kinakailangang dokumento galingsa junior HS at ipasa sa Saitama Ken | Mula sa Marso ng sumunod na taon o sa mga sumusunod na buwan nito |
| Pagnakapasok na sa senior HS | Abril（kumuha ng kinakailangang dokumento galing sa senior HS at ipasa sa Saitama Ken） | Mula sa Hunyo ng nasabing taon o sa mga sumusunod na buwan nito |

※Ang impormasyon na nakatala dito ay para sa taong 2026 (Reiwa 8) at maaring magbago sa susunod na taon.

Makipag-ugnayan　：　Kagawaran ng Edukasyon ng Saitama Financial Affairs Division
Telepono　：　048―830―8855
Homepage　：　https://www.pref.saitama.lg.jp/f2204/j-s/index2.html